15th Story

# Matagumpay na pagpasok sa Jerusalem

Triumphal Entry

KIDS GOD WORSHIP
www.kidsworship.kr

# Matagumpay na pagpasok sa Jerusalem

– 15th Story –



| | |
|---|---|
| NAR | Isang araw si Hesus at ang kanyang mga alagad ay papunta sa Jerusalem. Hanggang sa, makarating sila sa Bundok ng Olibo, at doon nagsalita si Hesus. |
| Jesus | Mga kapatid, pumunta kayo ngayon. Pgdating ninyo doon, makikita ninyo ang dalawang asnong nakatali. isang asno at ang kanyang batang asno. Kailangan niyo silang dalhin sa akin. |
| John | Paano kapag hindi pumayag ang may-ari? |
| Hesus | Kapag nagtanong siya sa inyo, sabihin ninyo sa kanya na kailangan ng Panginoon ang mga asno. Ipapadala sila agad ng may-ari. |
| James | Opo Panginoon. |
| Sonny | Hayyy! Kay ganda ng araw! |
| Christopher the colt | Kaya nga Ama. Ohh. Sino ang mga lalaking paparating? |
| Sonny | Hindi ko alam. Halika at tignan natin. |
| James | Kamusta. Uhm,. Kailangan naming dalhin ang iyong mga asno. |
| Farmer | Hah? Bakit? |
| John | Kailangan sila ng Panginoon. |
| Farmer | Panginoon? Ang inyong Panginoon? |
| Bartholomew | Opo. |
| James | Opo. Ang Panginoon. |
| Farmer | Kahanga hanga ba talaga ang inyong Panginoon? |
| Bartholomew | Talagang kahanga-hanga. |
| James | Ginoo, pumunta kami rito upang kunin ang asno at ang kanyang anak. Sinabi sa amin ng aming Panginoon na sabihin sa iyo na "kailangan ng Panginoon ang mga asno. |
| Farmer | Sandali ... Nalilito ako, ang sinasabi mo ba ang Panginoong Diyos ng Israel ?? |
| James, John, Bartholomew | Oo. Tama ka! |
| Farmer | Ahem! A-ak - Nagbibiro kayo di ba? |
| James | Hindi kami nagbibiro. |
| Bartholomew | Totoo ang sinasabi namin. |



| | |
|---|---|
| John | At hinihintay na kami ng Diyos. Kaya, maari na ba namin makuha at umalis? |
| farmer | Sige! May kailangan pa ba kayong iba? Meron akong tupa, asno … at kamelyo…. [korean accent!] |
| John | Wala na. Wala na. Eto lang ang aming kailangan. Salamat. |
| James | Maraming salamat |
| farmer | Wala iyon. Ikinagagalak ko ang aking pagtulong. [korean accent!] |
| Bartholomew | Pagpalain ka nawa ng Panginoon. |
| Farmer | Salamat. |
| Sonny | Whoa. Christopher, sa palagay ko aalis tayo ngayon at gagawa ng isang bagay na napakahalaga |
| Chris | Gaya ng ano ama? |
| Sonny | Hindi ko alam. Pero huwag kang matakot |
| Chris | Hindi po ako natatakot. |
| James | Kamusta mga asno. Maging mabait kayo at sumama sa amin, ha? |
| John | Guro. Naririto na ang mga asnong iyong pinapakuha.. |
| Hesus | Salamat. |
| Sonny | Woah! Siya ay si Hesus! Ang aking kaibigan. |
| Chris | Sino? |
| Sonny | Lumaki kaming magkasama! Hindi ko pa siya nakita mula nang nagpunta siya sa disyerto at pinaalis ako.<br>Wow! Chris, Siya ay napakahalaga. |
| Chris | Gaano kahalaga? Tao lang siya, di ba? |
| Sonny | Chris, tumingin ka sa langit. Tumingin ka sa lupa. Tignan mo ako, tignan mo ang mga taong ito. Nilikha ng Diyos ang lahat ng ito, di ba? Si Hesus ay Anak ng Diyos! Nilikha ng Diyos ang lahat sa pamamagitan ng tao sa harap mo. |
| Chris | Ano ?? Nakakamangha! Seryoso ka po ba? |
| Sonny | Oo . Seryoso ako! Talagang may gagawin tayong impor-tante! |
| Chris | Wow! |
| Hesus | Ngayon pupunta tayo ng Jerusalem. Sasakay ako sa asno upang matupad ang sinabi ng propeta Zacarias. Sinabi niya, "Kita n'yo, ang inyong hari ay lumalapit sa iyo." Sakay siya ng isang batang asno. " |
| Chris | Ako iyon! Ako iyon ama! |
| Peter | Heto po Hesus. Umupo ka sa aking balabal. |
| Andrew | Sa akin din po. |
| Crowd person | Wow! Tignan ninyo! Sa palagay ko si Hesus iyon. |
| Crowd person 2 | Talaga?! Wow! Nakasakay siya sa isang asno! |
| Crowd person | Halikayo! Tignan natin! |



| | |
|---|---|
| Crowd | Si Hesus iyon. Wow! Hesus! Purihin ang Anak ni David! Papuri sa katas-taasan! Mapapalad ang tumatawag sa pan-galan ng Panginoon! |
| Chris | Ama! Ito ay tunay na kamangha-mangha! Siya nga ang Anak ng Diyos! |
| City officials | Hoy, hoy! Ano ang pinagkakaguluhan nila doon? Sino ang lalaking iyan? |
| Crowd person 3 | Si Hesus! Siya ang Propetang galing sa Nazareth sa Galilea! |
| City officials | Ano?! |
| Hesus | Kailangan kong pumunta ng Templo. May kaguluhan doon |
| disciples | Opo Panginoon |
| NAR | Si Hesus ay sumakay sa asno patungong lungsod tulad ng propesiya ng maraming taon noon. Nang papasok siya sa templo, nakita niya ang nangyayari at nagalit at sinimulang paalisin ang lahat ng mga naroroon |
| Hesus | Tumigil! Lahat kayo itigil niyo yan! |
| Temple bad guy | guy: Bakit ba?! Sino ka ba?! [Korean] |
| Temple bad guy 2 | Ano ba? Nagtatrabaho ako dito |
| NAR | At pumasok si Jesus sa templo ng Diyos at itinaboy niya ang lahat ng nagbebenta at namimili sa templo, at ginulo niya ang mga lamesa ng mga namamalit ng salapi, at ang mga upuan ng mga nagbebenta ng kalapati. |
| Hesus | Nasusulat (Xna) sinabi ng Panginoon, "Ang aking bahay ay magiging (Xisang) bahay kung saan maaaring manalangin ang mga tao" Ngunit ginawa niyo itong isang lungga ng mga tulisan! "Labas! Lahat kayo! |
| Temple bad guy | Hoy ikaw!! Paano naman ang aming mga gamit?! [Korean] |
| Hesus | Iwanan ninyo! Umalis na kayo! |
| Temple bad guy 2 | Hayyy! Panira ka ng araw! |
| NAR | Matapos gawin ito ni Hesus, nagalit ang mga Pariseo. Hindi nila nagustuhan kung paanong pinupuri siya ng mga tao pagdating niya sa Jerusalem, at hindi nila gusto kung paano niya itinuring ang templo bilang bahay ng kanyang Sariling Ama. Sinubukan nilang humanap ng isang paraan upang siya ay patayin. Ngunit dahil napakaraming tao ang nagustuhan siya at nakikinig sa kanyang mga salita, hindi nila magawa. |